

2021

がっこう 学校	
なまえ 名前	

ねんどのにゅうがくきぼうしゃよう
2021年度入学希望者用


Taon 2021 PARA SA MGA GUSTONG PUMASOK SA PAARALAN

かながわけん す にほんご ぼご かた あんない
神奈川県に住む日本語を母語としない方へのご案内

Gabay para sa mga nakatira sa Prepektura ng Kanagawa na hindi Hapon ang sariling wika


かながわけん こうりつこうこうにゅうがく
神奈川県の「公立高校入学のためのガイドブック」

にほんご ごほんやくばん
日本語+タガログ語翻訳版



Japanese + Tagalog

**GUIDEBOOK SA PAGPASOK SA MATAAS NA PAARALANG
PAMPUBLIKO NG KANAGAWA PREFECTURE**



かながわけんきょういくいいんかい
このガイドブックは、神奈川県教育委員会が
はっこう れいわ ねんどかながわけんこうりつこうとうがっこう
発行する「令和3年度神奈川県公立高等学校
にゅうがくしゃせんばつ ぼしゅうあんない ないよう
入学者選抜 募集案内」の内容をもとに
さくせい
作成されています。

Ang GUIDEBOOK na ito ay ginawa hango sa
「Seleksyon ng mga estudyanteng papasok sa
Public High School ng Kanagawa Prefecture
Taon 2021 “Gabay sa Tanggapan”」 publikasyon
ng Kanagawa Board of Education.

さくせい かながわけんきょういくいいんかい ほうじんたぶんかきょうせいきょういく
作成：神奈川県教育委員会+NPO法人多文化共生教育ネットワークかながわ (ME-net)

Kanagawa Prefectural Board of Education+NPO Tabunka Kyousei Kyouiku Network Kanagawa (ME-net)

Nilalaman

<u>bago mag-eksamin ... mga dapat malaman</u>	Pahina
1 URI NG HIGH SCHOOL	1
(1) Pagkakaiba ng Public at Private High School	
(2) Pagkakaiba ng Full-Time, Part-Time, at Correspondence System	
(3) Pagkakaiba ng School Year System at Unit System	
(4) Ukol sa General, Specialized, at Comprehensive Courses	
<u>sa oras ng eksaminasyon ... mga dapat tiyakin</u>	
2 SCHEDULE HANGGANG SA EKSAMINASYON	3
3 OUTLINE AT SCHEDULE NG SELEKSYON NG ESTUDYANTE NA MAKAKAPASOK SA PUBLIC HIGH SCHOOL	4
4 KWALIPIKASYON AT MGA KAKAILANGANING PAPELES SA APLIKASYON AT IBA PA	5
(1) Kwalipikasyon sa pag-apply	
(2) Mga kakailanganing papeles sa aplikasyon at iba pa	
5 UKOL SA SISTEMA NG PAGBABAWAS o/ at EXEMPTION SA EXAMINATION FEE / ENTRANCE FEE SA PUBLIC HIGH SCHOOL	6
6 PAPELES SA PAGSUSURI	7
7 UKOL SA INTERVIEW SHEET	8
8 MGA HAKBANG PARA SA APLIKASYON NG MGA NAKATAPOS NG 9 NA TAONG EDUKASYON SA IBANG BANSA	9
9 UKOL SA SELEKSYON NG MGA ESTUDYANTENG PAPANASOK SA PUBLIC HIGH SCHOOL	10
(1) <i>Kyoutsu Senbatsu at Espesyal na Tanggapan</i>	
(2) Paaralang may Espesyal na Tanggapan para sa mga foreigner at iba pang mamamayang nasa Prepektura, at Espesyal na Tanggapan para sa mga balikbayang estudyante	
(3) <i>Teitsubunkatsu Senbatsu</i> 【gagawin sa pang-gabing <i>Teijisei at Tsushinsei</i> 】	
(4) Paraan sa Espesyal na Eksaminasyon ng Ordinaryong Tanggapan	
<u>kapag natanggap na sa paaralan ... mga kakailanganin</u>	
10 MGA GASTUSIN SA PAG-AARAL	16
11 TULONG-PANTUSTOS PARA SA PAG-AARAL SA HIGH SCHOOL	17
12 TUNGKOL SA SISTEMA NG SUPORTA SA PAG-AARAL SA PRIBADONG HIGH SCHOOL	17
13 UKOL SA RE-ADMISSION SA HIGH SCHOOL	18
14 MGA KALIMITANG TANONG	19

Para sa katanungan ukol sa “Guidebook” na ito

Kanagawa Prefectural Board of Education, Education Bureau
New Student's Selection/Quota Group, High School Education Division

☎ 045-210-8084 HP <http://www.pref.kanagawa.jp/docs/dc4/nyusen/nyusen/kanagawa.html>

NPO Tabunka Kyousei Kyouiku Network Kanagawa (ME-net)

Secretariat Kanagawa ☎ 045-896-0015 (Mon/Wed/Fri 10:00~17:00)

E-mail: info@me-net.or.jp HP <http://me-net.or.jp/>

Ang translation ng Guidebook ay maaaring *i-download* mula sa 2 homepage sa itaas.

bago mag-eksamin ... mga dapat malaman

1 URI NG HIGH SCHOOL

Ang High School sa Japan, ay nahahati sa public at private high school.

Gayundin, ito ay nahahati sa 3 klase ayon sa oras ng pag-aaral at iba pa.

(Ang bilang ng high school na nakasulat sa ibaba ay bilang ng paaralang may seleksyon ng estudyanteng makakapasok sa taon 2021)

(1) Pagkakaiba ng Public at Private High School.

Public High School	<ul style="list-style-type: none"> • Itinatag ng prepektura o siyudad. • Sa loob ng prepektura ay may 135 prefectural high school at 15 municipal high school. • Mga naninirahan sa Kanagawa Prefecture ang makaka-<i>apply</i> dito. <p>(Maaaring mag-<i>apply</i> sa Part-Time / Correspondence kung ang trabaho ay nasa loob ng Kanagawa Prefecture)</p> <p>【Paraan ng Pagsusulit】 Mayroong 2 paraan ng pagsusulit. Ang lahat ng pampublikong High School ay may unified na pasulit 「Kyoutsu Senbatsu」 at ang 「Teitsu Bunkatsu Senbatsu」 para sa Teijisei(Part time/Night School) at Tsushinsei(Correspondence). 📄 pahina 4</p>
Private High School	<ul style="list-style-type: none"> • Itinatag ng pribadong mamamayan. • Ang patakaran ng edukasyon ay nagkakaiba ayon sa high school. • Sa loob ng prepektura ay mayroong 58 private high school. <p>【Paraan ng Pag-apply】 Nagkakaiba ang araw at nilalaman ng pasulit sa bawat paaralan. May 3 uri ng aplikasyon. Ang(sengan/tangan) exclusive application ay ang aplikasyon sa isang pribadong paaralan lamang, ang (heigan) joint application ay ang pag-apply sa isang pampubliko at isang pribadong paaralan, at ang open ay ang pag—aply ng sabay sa ilang pribadong paaralan. Ang mga pumasa sa (sengan/tangan) exclusive application at (heigan) joint application ay kailangang pumasok sa paaralang na kung saan pumasa. Hindi na maaaring magback-out /tumanggi at mag-apply sa ibang paaralan.</p>

(2) Pagkakaiba ng Full-Time, Part-Time, at Correspondence System

May 3 uri ng curriculum dito ayon sa style ng pag-aaral

Zennichisei {Full-Time}	<p>Papasok mula mga 8:40 ng umaga hanggang mga 3:30 ng hapon araw-araw sa kursong ito. Tatlong taon ito bago maka-<i>graduate</i>. Mayroon nito sa 146 public high school.</p>
Teijisei {Part-Time}	<p>Ang pag-aaral ay nahahati sa partikular na oras (umaga, hapon, gabi) at karamihan sa paaralan ay panggabi. Mayroon ito sa 27 na public high school.</p> <p>Mayroon ding high school na tinatawag na "<i>Flexible school</i>", kung saan maaaring kumuha ng subject maliban sa tinakdang oras ng kursong kinuha.</p> <p>Bago makatapos ay aabutin ng 4 na taon, subalit may sistema rin na maaaring makapagtapos sa loob ng 3 taon ayon sa paaralan. Mayroon nito sa 27 public high school.</p>

Tsushinsei {Correspondence}	<p>Karaniwan ay nagsa-<i>submit</i> ng report na ginawa sa bahay gamit ang textbook/notes, at kapag pumasa sa eksaminasyon ay nakakakuha ng unit. Mayroon ito sa 2 public high school.</p> <p>Hindi kailangang pumasok araw-araw. Papasok sa paaralan ng 2~3 beses sa 1 buwan para sa "<i>mensetsu shidou</i>" o pag-aaral sa pamamagitan ng pakikipanayam (schooling).</p> <p>May high school ding nagsasagawa ng schooling tuwing weekdays para sa paggawa ng report, at mayroon ding gumagamit ng internet sa pag-aaral.</p>
--------------------------------	---

(3) Pagkakaiba ng School Year System at Unit System

May 2 uri ito ayon sa pagkakahati ng klase at year level

<i>Gakunen-sei</i> {School Year System}	Ang sistemang ito ay karamihang nakatalaga ang nilalaman ng pinag-aaralan (curriculum) ayon sa year level.
<i>Tan-i-sei</i> {Unit System}	Ang sistemang ito ay walang sinusunod na year level, ngunit makakapagtapos sa pamamagitan ng pagkuha ng kinakailangang unit.

(4) Ukol sa General, Specialized, at Comprehensive Courses


Nahahati ang kurso sa high school ayon sa uri ng pinag-aaralan.

Ang mga subject sa public high school ng Kanagawa Prefecture ay ang mga sumusunod:

<i>Futsū-ka</i> {General}	<p>Ito ang pinakapangkaraniwang kurso, kung saan ang pinag-aaralan ay nakasentro sa National Language, Kasaysayan at Heograpiya, Sibika, Math, Science, English, at iba pang ordinaryong subject.</p> <p>School Year System (<i>Zennichisei</i> 101 paaralan, <i>Teijisei</i> 11 paaralan)</p> <p>Unit System (<i>Zennichisei</i> 16 paaralan, <i>Teijisei</i> 7 na paaralan, <i>Tsushinsei</i> 2 paaralan)</p>
<i>Futsū-ka Senmon</i> {General Specialized Courses }	<p>Pangkaraniwang kurso din ito, pero may kasamang partikular na subject o larangan ang pinag-aaralan dito.</p> <p>May Yokohama Municipal Totsuka High School "<i>Futsu-ka Ongaku</i>" (music) na specialized course.</p> <p>Unit System (<i>Zennichisei</i> 1 paaralan)</p>
<i>Senmon</i> {Specialized}	<p>May subject ito na may kinalaman sa Farming, Industry, Commerce, Fishery, Home Economics, Nursing, Welfare, Science and Mathematics, P.E., Music, Arts, International Studies, International Relation/ Information, Arts, Sports, General Industry, at Performing Arts . Pinag-aaralan dito ang specialized at technical skills.</p> <p>School Year System (<i>Zennichisei</i> 25 paaralan, <i>Teijisei</i> 3 paaralan)</p> <p>Unit System (<i>Zennichisei</i> 8 paaralan)</p>
<i>Sōgō</i> {Comprehensive }	<p>Ito ay kurso na kung saan maaaring pumili ng mga special subject mula sa <i>Futsu-ka</i> at <i>Senmon</i> at iki-credit bilang unit.</p> <p>Unit system (<i>Zennichisei</i> 8 paaralan, <i>Teijisei</i> 6 paaralan)</p>

sa oras ng eksaminasyon ... mga dapat tiyakin

2 SCHEDULE HANGGANG SA EKSAMINASYON (Maari itong mabago o kanselahin depende sa sitwasyon ng paglaganap ng COVID-19.)



※1 Ang Espesyal na Tanggapan ay [Espesyal na Tanggapan para sa mga foreigner at iba pang mamamayang nasa Prepektura] (Tanggapan sa 13 high school) at [Espesyal na Tanggapan para sa mga balikbayang estudyante] (Tanggapan sa 8 na high school) Kwalipikasyon (☞ pahina 5)

※2 Ang Pangalawang Tanggapan ay isasagawa sa mga paaralan ng Zennichi-sei at Teijisei (maliban sa pang-gabi) simula ng Marso kung ang bilang ng estudyante sa Kyoutsu Senbatsu ay hindi umabot sa quota na itinalaga ng paaralan. Iba ang schedule para sa Teitsubunkatsu at pareho itong maaaring aplayan. Gayundin, isasagawa ito sa mga paaralan ng Teijisei (pang-gabi) at Tsushinsei (Correspondence) sa huling bahagi ng Marso kung ang bilang ng estudyante sa Teitsubunkatsu Senbatsu ay hindi sapat sa quota na itinalaga ng paaralan.

4 KWALIPIKASYON AT MGA KAKAILANGANING PAPELES SA APLIKASYON AT IBA PA

(1) Kwalipikasyon sa pag-apply

Kwalipikasyon para sa Ordinaryong Tanggapan

Aplikasyon sa high school	Kwalipikasyon sa pag-apply
<p>Ordinaryong Tanggapan ng Zennichisei {Full-Time}</p>	<p>Lahat ng taong tumutugma sa A B C</p> <p>A Mga ipinanganak bago mag-Abril 1, 2006.</p> <p>B Nagtapos ng junior high school o nagtapos ng 9 na taong edukasyon sa ibang bansa, o nakatakdang magtapos hanggang Marso 31, 2021.</p> <p>C <u>Ang aplikante at ang tagapangalaga</u> ay nakatira sa Kanagawa Prefecture, o nakaplanong lumipat sa Kanagawa hanggang Abril 1, 2021.</p>
<p>Ordinaryong Tanggapan ng Teijisei {Part-Time} / Tsushinsei {Correspondence}</p>	<p>Mga nakasaad sa AB at mga taong tumutugma sa D</p> <p>D Nakatira sa Kanagawa Prefecture, o nakaplanong lumipat sa Kanagawa Prefecture hanggang Abril 1, 2021. (maaari rin kung ang lugar ng trabaho ay nasa Prepektura)</p>

Kwalipikasyon para sa Espesyal na Tanggapan

<p>Espesyal na Tanggapan para sa mga foreigner at iba pang mamamayang nasa Prepektura (Tanggapan sa 12 na high school ng Zennichisei at 1 high school ng Teijisei 📄 pahina 13)</p>	<p>Mga nakasaad sa ABC (ABD sa Teijisei), at tumutugma sa E at F</p> <p>E Sa Pebrero 1, 2021 ay wala pang 3 taon ang kabuuan ng pamamalagi mula ng dumating dito sa bansa (hindi kasama ang panahon ng pamamalagi bago mag-<i>elementary</i>)</p> <p>F Foreign national o nakakuha ng Japanese nationality sa loob ng wala pang 3 taon. (Sa kasalukuyan ng Pebrero 1, 2021)</p>
<p>Espesyal na Tanggapan para sa mga balikbayang estudyante (Tanggapan sa 8 na high school ng Zennichisei 📄 pahina 13)</p>	<p>Mga nakasaad sa ABC, at tumutugma sa G</p> <p>G Ang tagapangalaga ay tumira at namalagi sa ibang bansa dahil sa trabaho at iba pa nang mahigit 2 taon, at ang araw na bumalik dito sa bansa ay mula Abril 1, 2018.</p>

(2) Mga kakailanganing papeles sa aplikasyon at iba pa

Ordinaryong Tanggapan

Ordinaryong Tanggapan	<p>① <i>Nyugaku Gansho</i> {/Application for admission}</p> <p>② Examination fee (※1)</p> <p>※1 Nang nakaraang taon ay 2,200 yen sa <i>Zennichisei</i> 950 yen sa <i>Teijisei</i> (sa <i>Teijisei</i> ng Yokohama Municipal ay 650 yen), sa <i>Tsushinsei</i> ay 0 yen</p> <p>③ <i>Chousa Sho</i> {/Papeles sa pagsusuri} at iba pa (isa-submit mula sa junior high school) (※2)</p> <p>※2 Mga nagtapos ng 9 na taong edukasyon sa paaralan sa ibang bansa, at ang mga nasa edad 20 taon gulang pataas ay hindi (Sa kasalukuyan ng Abril 1, 2021) na kailangang mag-submit nito.</p> <p>④ Mga iba pa (mga isa-submit na papeles gaya ng “Interview Sheet” at iba pang itinalaga ng papasukang paaralan)</p>
-----------------------	---

Espesyal na Tanggapan

Espesyal na Tanggapan para sa mga foreigner at iba pang mamamayang nasa Prepektura	<p>Mga nakasaad sa ①②③④</p> <p>⑤ Papeles na magpapatunay na may foreign nationality o nakakuha ng Japanese nationality nang wala pang 3 taon.</p> <p>⑥ Papeles na magpapatunay na ang kabuuang inilagi sa bansa kung susumahin ay wala pang 3 taon (Pasaporte at iba pa)</p>
Espesyal na Tanggapan para sa mga balikbayang estudyante	<p>Mga nakasaad sa ①②③④</p> <p>⑦ Papeles na magpapatunay na ang tagapangalaga ay tumira at namalagi sa ibang bansa dahil sa trabaho nang mahigit 2 taon (※3)</p> <p>⑧ Papeles na magpapatunay na dumating sa bansa mula Abril 1, 2018 (※3)</p> <p>※3 Sertipikasyon ng kumpanya o passport at iba pa ng tagapangalaga at ng sarili</p>

○ Kung sa isang paaralan ng Teijisei high school ay may mahigit sa 2 eskedyul (pang-umaga, pang-hapon), maaaring isulat sa application form for admission ang pangalawang eskedyul na gustong pasukan. Gayundin, kung sa Senmon-gakka high school ay may mahigit sa 2 kurso na may kinalaman sa farming, industry, commerce, o fishery, maaaring isulat sa application form for admission ang pangalawang kurso na gustong pasukan. Gayundin, sa Kanagawa Prefectural Yokohama Senior High School of International Studies na mayroong International Department (maliban sa International Baccalaureate Course) at International Baccalaureate Course, maaaring isulat sa application form for admission ang pangalawang kursong gustong kunin.

Gayunman, ang pangalawang paaralan na gustong pasukan ay maaari lamang ma-qualify sa screening kung hindi umabot sa quota ang tanggapan sa unang paaralan na gustong pasukan.

5 UKOL SA SISTEMA NG PAGBABAWAS o/at EXEMPTION SA EXAMINATION FEE

/ ENTRANCE FEE SA PUBLIC HIGH SCHOOL

- Ang sistema ng pagbabawas o/at exemption sa examination fee / admission fee ay:

Para sa mga nahihirapang magbayad ng examination fee / admission fee sa pang-ekonomiyang dahilan, ang kabuuan o bahagi ng examination fee / admission fee (bayad sa pagpasok sa paaralan) ay magiging libre sa sistemang ito. (Admission fee ⇨ pahina 16)

- Paraan ng aplikasyon

Humingi ng payo sa opisina ng paaralang gustong pasukan. Ang deadline ng aplikasyon nito ay:

Examination fee ... hanggang sa araw bago mag-submit ng Application for admission

Admission fee ... hanggang sa araw bago mag-process ng papeles sa pagpasok (sa loob ng ilang araw pagka-announce sa nakapasa)

(★Hindi makakakuha ng exemption kung lalampas sa nakasaad na panahon)

[Para sa mga katanungan:]

• Sa opisina ng paaralang gustong pasukan • Financial Guidance Group, Financial Affairs Division Kanagawa Prefectural Board of Education ☎045-210-8113 (Direct line / Japanese)

6 PAPELES SA PAGSUSURI

Ang papeles sa pagsusuri o *Chousa Sho* ay ginagawa sa junior high school, at importanteng materyales para sa seleksyon ng mga makakapasok sa high school

第11号様式 様式見本		調 査 書				※ 受検番号		
志願先 高等学校	○○○○	立	○○	高等学校				
	○○	科		(コース・部)				
学籍の記録	ふりがな	○○○○ ○○○○	性別	入学年月	平成・令和 年 月	中学校		
	氏名	○○ ○○	○		第 学年 (入学)・編入学	中学校		
	生年月日	平成 ○○ 年 ○ 月 ○○ 日生		転入学年月	平成・令和 年 月	中学校		
	現住所	○○市○○町 ○丁目○番○号 ○○マンション○○			第 学年 転入学			
		卒業年月	平成・令和 年 3月 同 中学校	(卒業見込)・卒業				
各教科の学習の記録				総合的な学習の時間の記録				
教科	観点別学習状況	2年		3年		学年	学習活動の内容	活動状況及び所見
		評価	評定	評価	評定			
国語	国語への関心・意欲・態度	A	4	A	4	2年	身近な理 いて考	身近な環境問題として、 庭のごみを取り上げ、
	話す・聞く能力	B		B				
	書く能力	B		A				
	読む能力	A		A				
社会	読みの能力	A	4	A	5	3年	地域に住むさまざま な国の人々を知る	地域に住む諸外国の人々 へのインタビューをもと に、それぞれの国の文化 についてまとめ、工夫を 凝らして発表した。
	社会的事象についての知識・理解	A		A				
		B		A				
		A		A				
数学	数学への関心・意欲・態度	B	3	A	3	総合所見及び諸活動の記録		
	数学的な見方や考え方	B		B		特別活動等の記録		
	数学的な技能 (数学的な表現・処理)	B		B				
	数量や(数量・)図形などについての知識・理解	B		B				
理科		B	2	B	3	国語 旅行 美化 文化 柔道	⑤ Nakatala ang tungkol sa mga Class/ Student Council/ School/ at Club Activities at iba pa na ginawa sa loob ng 3 taon sa junior high school.	
		C		B				
		C		B				
		B		B				
音楽	音楽表現の創意工夫 (音楽的な感受や表現の工夫)	B	3	B	3			
	音楽表現の技能 (表現の技能)	B		B				
	鑑賞の能力	A		A				
美術	美術への関心・意欲・態度	A	4	A	4	行動の記録及び所見		
	発想や構想の能力	B		B				
		B		A				
保健体育		A	5	A	4	委員 合活動 シップ 委員と 柔道 て部員 また からの	⑥ Nakatala ang detalye tungkol sa pag- uugali at kilos sa paaralan, at iba pang outstanding performances na ginawa sa loob ng 3 taon sa junior high school.	
		A		B				
	運動や健康・安全についての知識・理解	A		A				
技術 家庭・	生活や技術への関心・意欲・態度	A	4	A	4	本書の記載事項に誤りのないことを証明する。		
	生活を工夫し創造する能力	B		A		令和 年 月 日		
	生活の技能	A		A		中学校名		
(英語)	生活や技術についての知識・理解	A	4	B	5	校長氏名		
	コミュニケーションへの関心・意欲・態度	A		A				
	外国語表現の能力 (表現の能力)	A		A				
	外国語理解の能力 (理解の能力)	B	A					
	言語や文化についての知識・理解	A	A					
	小計 ※							
			(×2.0)					
	計 ※					記者氏名		

① Nakatala sa 3 level at magkaibang viewpoints ang evaluation ng bawat subject.

② Nakatala sa 5 level ang kabuuang grado ng bawat subject sa 3rd year hanggang katapusan ng Disyembre.

③ Nakatala sa 5 level ang kabuuang grado ng bawat subject sa buong taon na nasa 2nd year.

④ Nakatala ang tungkol sa record ng kabuuang oras ng pag-aaral.

⑤ Nakatala ang tungkol sa mga Class/ Student Council/ School/ at Club Activities at iba pa na ginawa sa loob ng 3 taon sa junior high school.

⑥ Nakatala ang detalye tungkol sa pag-uugali at kilos sa paaralan, at iba pang outstanding performances na ginawa sa loob ng 3 taon sa junior high school.

7 UKOL SA INTERVIEW SHEET

Ang interview sheet ay susulatan ng mismong mag-eekamin, at isa-*submit* sa oras ng aplikasyon kasama ng papeles ng kahilingan sa pagpasok. Gagamitin itong reference sa oras ng interview, at hindi magbibigay ng rating sa nakasulat dito.

第 14 号様式

面接シート

※受検
番号

志願者 氏名	刀がナ	中学校名	立	中学校
志願先	(県・市)立	高等学校	科	コース 部

- ◎ 面接の質問内容の参考とするため、次のことについて記入してください。2、3については、取組み内容も含めて記入してください。
◎ このシートは面接の際の参考資料で、直接に選考資料にはしません。

1 なぜこの学校に入学したいのですか。

.....
.....
.....
.....

Sa [1 Bakit gusto mong pumasok sa paaralang ito?], isusulat dito ang dahilan kung bakit gustong pumasok sa high school na ito, o kung matatanggap dito, ano ang gagawin mong hakbang at iba pa para sa mga interes, kagustuhan o hangarin mo sa loob ng pamumuhay sa high school.

2 中学校での教科等の学習活動に対して、どのような意欲をもって取り組みましたか。

.....
.....
.....
.....

Sa [2 Ano ang ginawa mong hakbang para mapalawak ang interes mo sa mga subject at iba pang learning activities sa junior high school?], isulat ang ginawa mong hakbang o pagpupursige para sa interes mo sa pag-aaral at hangarin mong mag-aral at iba pa noong nasa junior high school.

3 中学生のときに教科等以外の活動に対して、どのような意欲をもって取り組みましたか。
(学校外の取組みでも構いません。)

.....
.....
.....
.....

Sa [3 Noong nasa junior high school, bukod sa mga subject sa school, anong hakbang ang ginawa mo para sa interes mo sa mga activities?], isulat dito ang tungkol sa mga ginawa mong hakbang o pagpupursige para sa mga activities gaya ng club activities, school council noong nasa junior high school pa lang, o sa mga volunteer activities na ginawa mo sa labas ng paaralan.

4 自分自身のよいところはどのようなところだと考えていますか。

.....
.....
.....
.....

Sa [4 Ano ang naisip mong magagandang katangian na taglay mo?], gagawin itong reference sa oras ng interview kaya't isulat dito ang mga special traits o strong points ng sarili, gaya ng [may ganito akong kakayahan...].

【記入上の注意】 1 ※の欄は記入しない
2 枠内に自筆で記入する

.....
.....
.....
.....

Mga dapat ingatan sa pagtatala


- 1 Huwag susulatan ang may markang ※
- 2 Punan (i-fill up) ng sariling sulat kamay, sa loob ng frame. Maaaring gumamit ng lapis. Huwag didikitan o lalagyan ng litrato at iba pa.

8 MGA HAKBANG PARA SA APLIKASYON NG MGA NAKATAPOS NG 9 NA TAONG EDUKASYON SA IBANG BANSA

(Maari itong mabago o kanselahin depende sa sitwasyon ng paglaganap ng COVID-19.)

Kinakailangan na mag-submit ng "Application for Approval of Eligibility". Dumalo sa orientation.


Board of Education "Setsumeikai {Orientation}" (para sa mga nasa ibang prefecture, at foreigner / may interpreter)
 Disyembre 5 (Sabado) 2PM ~ Yokohamashi Tsurumi
 Kokaido 6th Floor Yokohama-shi, Tsurumi-ku, Toyooka-cho
 2-1, Fuga Ichigou-kan
 (1-minutong lakad mula sa West Exit ng 「Tsurumi Stn.」
 ng JR Keihin Tohoku Line, 5-minutong lakad mula sa
 West Exit ng 「Keikyu Tsurumi Stn.」 ng Keikyu Line)
 (magbibigay ng application form para sa "Approval of
 Eligibility" at mga papeles para sa "Application
 for Admission" at iba pa sa orientation na ito)



★ Hindi maaaring dumalo ang estudyanteng nasa public Jr. High School ng Prefecture.

○ Paraan ng aplikasyon

【Kasamang nakatira ang tagapangalaga sa loob ng prepektura (para sa mga may eligibility ng Zennichisei)】

Mag-file ng [Shigan Shikaku Shonin Shinsei {Application for Approval of Eligibility}] sa Board of Education ng Prefecture (High School Education Division) mula Disyembre 7 (Lunes) hanggang Enero 19 (Martes). (mapa  pahina 18)

〈Mga kailangang papeles〉

- 1 Papeles na magpapatunay na ang aplikante at tagapangalaga ay nakatira o nakatakdang tumira sa loob ng prepektura (kung saan nakasaad ang tirahan o relasyon ng sarili at ng tagapangalaga gaya ng Resident's Record, Resident's Card, at iba pa)
- 2 Papeles na magpapatunay na nagtapos ng 9 na taong edukasyon sa ibang bansa. (sertipiko ng pagtatapos sa junior high school sa ibang bansa at iba pa)
- 3 Application form para sa Approval of Eligibility. (form no.15)

Sakaling maaprubahan ang kwalipikasyon sa pag-apply sa public high school ng Kanagawa Prefecture, ibigbigay ang [Shigan Shikaku Shonin-sho {Certificate of Approval of Eligibility}]. I-submit ito kasama ng Nyugaku Gansho {Application for Admission} sa paaralan na gustong pasukan

【Kung hindi kasamang naninirahan ang tagapangalaga (para lang sa Teijisei / Tsushinsei na aplikante)】
 Mag-apply ng "Approval of Eligibility" para sa Teijisei / Tsushinsei (form no.18) sa counter/tanggapan ng paaralan na gustong pasukan. I-submit ang 〈kailangang papeles〉 na nakasulat sa itaas kasama ng Application for Admission sa paaralang gustong pasukan. (Ang papeles na magpapatunay ng tirahan ay maaaring sariling papeles lang.)

★ Sa Teijisei / Tsushinsei, kung ang mag-aaral ay nakatira sa loob ng prepektura, o di kaya ay nakatira sa ibang prepektura pero nagtatrabaho sa loob ng prepektura, kahit hindi kasamang naninirahan ang tagapangalaga ay makakakuha ng eligibility.

【Para sa mga katanungan】

New Student's Selection/Quota Group, High School Education Division,
 Kanagawa Prefectural Board of Education TEL045-210-8084 (Direct line / Japanese)

9 UKOL SA SELEKSYON NG MGA ESTUDYANTENG PAPASOK SA PUBLIC HIGH SCHOOL (Maari itong mabago o kanselahin depende sa sitwasyon ng impeksyon ng COVID-19.)

(1) *Kyoutsu Senbatsu* at Espesyal na Tanggapan

mga Hakbang at Schedule ng eksaminasyon

Eksaminasyon at Proseso	Araw at Oras	Lugar
Pagsa-submit ng <i>Shutsugan Sho</i> {/mga papeles para sa aplikasyon}	<p>〈<i>Zennichisei</i>〉 Enero 28 (Huwebes) / 29 (Biyernes) 9AM~12NN, 1~4PM Pebrero 1 (Lunes) 9AM~12NN</p> <p>〈<i>Teijisei*</i>〉 Enero 28 (Huwebes) / 29 (Biyernes) 2PM~7PM Pebrero 1 (Lunes) 2PM~4PM</p> <p>〈<i>Tsushinsei</i>〉 Enero 28 (Huwebes) /29 (Biyernes) 9AM~12NN, 1~4PM Pebrero 1 (Lunes) 9AM~12NN</p>	sa paaralang gustong pasukan
Panahon ng pagpapalit ng paaralang papasukan	<p>〈<i>Zennichisei</i>〉 Pebrero 4 (Huwebes) / 5 (Biyernes) 9AM~12NN, 1~4PM Pebrero 8 (Lunes) 9AM~12NN</p> <p>〈<i>Teijisei*</i>〉 Pebrero 4 (Huwebes) / 5 (Biyernes) 2PM~7PM Pebrero 8 (Lunes) 9AM~12NN</p> <p>〈<i>Tsushinsei</i>〉 Pebrero 4 (Huwebes) / 5 (Biyernes) 9AM~12NN, 1~4PM Pebrero 8 (Lunes) 9AM~12NN</p>	tingnan sa ibaba ★
Araw ng Eksaminasyon	<p>Academic Test: Pebrero 15 (Lunes) Interview / Achievement Test at iba pa: Pebrero 15 (Lunes) / 16 (Martes) / 17 (Miyerkules) ※ Sa loob ng panahong nakasulat sa itaas, araw na nakasulat sa jukenhyou ** Karagdagang eksaminasyon: Pebrero 22 (Lunes)</p>	sa paaralang gustong pasukan
Announcement sa mga pumasa Pagkuha ng papeles na nakapasa	<p>〈<i>Zennichisei</i>〉 Marso 1 (Lunes) 10AM~12NN 〈<i>Teijisei*</i>〉 Marso 1 (Lunes) 3PM~6PM 〈<i>Tsushinsei</i>〉 Marso 1 (Lunes) 10AM~12NN, 1PM~3PM</p>	sa paaralang gustong pasukan

* Ang 3 paaralan: Yokohama Meihou Pref. H.S., Sagami Kouyokan Pref. H.S. at Yokohama Sōgō Yokohama Municipal H.S. ay gagawin kasabay ng oras ng *Zennichisei*.

**Para sa mga gustong pumasok sa *Kyoutsu Senbatsu* o Espesyal na tanggapan, na hindi nakakuha ng academic test dahil nagkaroon ng influenza, kwalipikado ang mga ito sa isasagawang karagdagang eksaminasyon. Para sa mga nais kumuha ng karagdagang eksaminasyon, makipag-ugnayan sa paaralan na kung saan kukuha ng pasulit, hanggang sa umaga ng pasulit.

★ Ukol sa pagpapalit ng papasukan

- Isang beses lang maaaring magpalit ng paaralang gustong pasukan.
- Sa pagpapalit ng papasukan, kinakailangan ang sumusunod na 2 hakbang:
 - ① Pumunta sa paaralang unang pinag-aplayan, gawin ang hakbang na kailangan at humingi ng papeles. (Pag-iingat: Maaaring magpagawa ng bagong papeles para sa aplikasyon. Alamin ito sa counter ng paaralan.)
 - ② Pumunta sa lilipatang paaralan at i-submit ang papeles na galing sa ①. (Pag-iingat: Kalimitan pinapag-submit ng bagong interview sheet kung maraming aplikante.)

Nilalaman ng Eksaminasyon sa Ordinaryong Tanggapan

<i>Zennichisei</i>	<p>① May [academic examination] (sa 5 subject: English, National Language, Mathematics, Science at Social Studies) Gayunman, walang academic test sa Creative School ※</p> <p>② May [interview].</p> <p>③ Bilang [achievement test], may paaralan din na nagsasagawa ng practical test at pagpapakita ng abilidad o self-expression test. (Kung magsasagawa ng [achievement test] maaaring bawasan at gawing 3 subject ang academic test.)</p>
<i>Teijisei</i>	<p>① May [academic examination] (sa 3 subject: English, National Language, Mathematics)</p> <p>② May [interview].</p> <p>③ Bilang [achievement test], may paaralan din na nagsasagawa ng practical test at pagpapakita ng abilidad o self-expression test.</p>
<i>Tsushinsei</i>	<p>① May [interview] o/at [essay writing].</p>

※ Ang Creative School ay may 5 paaralan, Tana Pref. H.S., Kamariya Pref. H.S., Yokosuka Minami Pref. H.S.(*Futsu-ka*(General)), Ooi Pref. H.S., at Yamato Higashi Pref. H.S.

Nilalaman ng Eksaminasyon sa Espesyal na Tanggapan

Espesyal na Tanggapan para sa mga foreigner at iba pang mamamayang nasa Prepektura	<p><i>Zennichisei</i> 12 na paaralan at <i>Teijisei</i> 1 paaralan (☞pahina 13)</p> <p>① May [academic examination] (sa 3 subject; English, National Language, Mathematics). ※Ang academic examination ay ibibigay sa Japanese na may nakasulat na rubi (furigana {/basa sa Kanji na nakasulat sa hiragana).</p> <p>② May [interview].</p>
Espesyal na self-expression test para sa mga balikbayang estudyante	<p><i>Zennichisei</i> 8 na paaralan (☞pahina 13)</p> <p>① May [academic examination] (sa 3 subject; English, National Language, Mathematics)</p> <p>② May [essay writing] at [interview].</p> <p>※May special test sa Kanagawa Prefectural Yokohama Senior High School of International Studies, International Baccalaureate Course .</p>

Pag-iingat 1) Nakasulat sa [Gabay sa Tanggapan] (Japanese pamphlet mula sa publikasyon ng Board of Education ng Prepektura at ipamimigay sa mga 3rd Year Public Junior High School sa Hulyo) ang kabuuan ng subject sa [academic examination] at [achievement test] ng bawat paaralan.

Pag-iingat 2) Ang mga nakapasa sa *Kyoutsu Senbatsu* o/at private high school at iba pa ay hindi na maaaring mag-submit ng aplikasyon para sa *Teitsubunkatsu Senbatsu*. (☞pahina 14)

※Hindi rin maaaring mag-apply kahit tanggihan o ihinto ang pagpasok sa paaralang iyon.

Pag-iingat 3) Ang academic test sa bawat subject ay 50-minuto. Para sa mga nais magpa-extend ng oras sa especial na pamamaraan na pasulit sa ordinaryong tanggapan, kinakailangan mag-apply ng espesyal na proseso. (☞pahina 15)
Magkakaiba ang questionnaire sa academic test ng *Zennichisei* at *Teijisei*.

Pag-iingat 4) Mangyaring tingnan sa website ang mga saklaw na tanong para academic test para sa seleksyon ng mga estudyaneng makakapasok sa taong 2021. <http://www.pref.kanagawa.jp/docs/dc4/nyusen/nyusen/kanagawa.html>


Paraan ng pagpili sa Ordinaryong Tanggapan (paano pinipili ang mga papasa)

① mga papeles para sa screening

paaralang may achievement test


A grado sa junior high school (evaluation ng <i>Chousa Sho</i>)	B total score ng Academic Test	C score sa Interview	D score sa Achievement Test
Total (45 perfect score) sa 5 scale ng grado sa 2nd Yr. Jr. H.S. + Doble ng total (90 perfect score) sa 5 scale ng grado sa 3rd Yr. Jr. H.S. ※May paaralang nagbibigay halaga sa partikular na subject.	total score ng Academic Test (100 perfect score sa bawat subject) ※May paaralang nagbibigay halaga sa partikular na subject.	score sa Interview	score sa Achievement Test

Ang bawat score sa **A B C** (kasama ang **D** sa paaralang may achievement test) ay iko-convert sa **100 perfect score**



A Grado sa junior high school → a (100 perfect score)	B Total score sa academic test → b (100 perfect score)	C Score sa interview → c (100 perfect score)	D Score sa achievement test → d (100 perfect score)
--	---	---	--

Ang percentage na itinalaga ng bawat paaralan (**f : g : h : i**) ay imu-multiply sa score ng **a b c d** (hindi kasama ang **i** at **d** sa paaralang walang achievement test)



Ratio (f : g : h : i)
Ang bawat numero sa **f** at **g** at **h** ay mahigit sa 2 integer/whole number, at itinalaga ng bawat paaralan sa total na 10.
Ang **i** ay itinalaga sa 5 numero pababa, para sa paaralang may achievement test.

Kabuuang numero **S = a × f + b × g + c × h + d × i**

Halimbawa ng ratio ng (**f : g : h : i**)
Sa paaralan A, binigyang halaga ang grado sa junior high school (6 : 2 : 2) at walang achievement test
Sa paaralan B, binigyang halaga ang academic test (3 : 5 : 2) at walang achievement test
Sa paaralan C, binigyang halaga ang interview at achievement test (3 : 3 : 4 : 4)

※ Ang ratio/percentage ng bawat paaralan o/at pangalan ng paaralan na nagbibigay halaga sa partikular na subject ay ilalathala sa [Gabay sa Tanggapan].

② Paraan ng pagpili sa mga papasa

Pagkatapos ng eksaminasyon, ang bawat paaralan ay nagpupulong at dinidesisyunan kung sino ang papasa sa 1st screening at 2nd screening.

1st screening	Hanggang 90% ng bilang ng makakapasok ang pipiliin mula sa mataas na total number ng S.
2nd screening	Hindi gagamitin ang a na evaluation ng <i>Chousa Sho</i> , at sa b at c (kasama ang d sa paaralang may achievement test) ay iko-compute ng panibago ang total na bilang ng S , saka pipiliin ang mga papasa hanggang sa bilang ng makakapasok. ※ Sa g at h naman ay nagtalaga ang paaralan ng kanya-kanyang integer/whole number na mahigit sa 2 para maging 10 ang total nito.

※ Sa high school ng [Creative School (☞ pahina 11)] at sa Yokohama Meihou Pref. H.S., Sagami Kouyoukan Pref. H.S. ay hindi gagamitin ang evaluation ng *Chousa Sho*, at pangkalahatan ang gagawing pagpili sa lahat ng bilang ng makakapasok.

※ Sa *Tsushinsei*, lahat ng bilang ng makakapasok ay pangkalahatang pipiliin ayon sa *Chousa Sho*, at resulta ng ginawang eksaminasyon.

※ Lahat ng kurso ng *Zennichisei*, *Teijisei* at *Tsushinsei* ay magbibigay din ng konsiderasyon sa screening ng mga nag-exam na hindi nakumpleto ang papeles gaya ng walang evaluation ng grado sa Junior High School at iba pa.

※Tungkol sa Prefectural Yokohama Senior High School of International Studies, iba ang pamamaraan ng ① at ② kaya siguraduhing i-check ang recruitment guide at iba pa.

(2) Paaralang may Espesyal na Tanggapan para sa mga foreigner at iba pang mamamayang nasa Prepektura, at Espesyal na Tanggapan para sa mga balikbayang estudyante

【Mga paaralang may Espesyal na Tanggapan para sa mga foreigner at iba pang mamamayang nasa Prepektura】 Zennichisei 12 na paaralan, Teijisei 1 paaralan

Pangalan ng paaralan	Kurso	Curriculum	Lugar	Quota sa tanggapan nang nakaraang taon ※
Tsurumi Sōgō Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Sōgō Gakka {/Comprehensive}	Yokohama-shi Tsurumi-ku	20
Yokohama Seiryō Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Tan-i-sei Futsu-ka {/Unit System General}	Yokohama-shi Minami-ku	13
Kawasaki Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Tan-i-sei Futsu-ka {/Unit System General}	Kawasaki-shi Kawasaki-ku	12
Daishi Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Tan-i-sei Futsu-ka {/Unit System General}	Kawasaki-shi Kawasaki-ku	10
Sagamihara Yaei Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Tan-i-sei Futsu-ka {/Unit System General}	Sagamihara-shi Chuo-ku	10
Hashimoto Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Futsu-ka {/General}	Sagamihara-shi Midori-ku	10
Yamato Minami Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Futsu-ka {/General}	Yamato-shi	10
Isehara Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Futsu-ka {/General}	Isehara-shi	10
Zama Sōgō Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Sōgō Gakka {/Comprehensive}	Zama-shi	10
Aikawa Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Futsu-ka {/General}	Aikōgun Aikawa-machi	10
Sagami Kouyōkan Kōkō Prefectural	Teijisei {/Part-time}	Tan-i-sei Futsu-ka {/Unit System General}	Zama-shi	Pang-umaga 10
				Pang-hapon 10
Yokohama Minato Sōgō Kōkō Municipal	Zennichisei {/Full-time}	Tan-i-sei Sōgō Gakka {/Unit System Comprehensive}	Yokohama-shi Naka-ku	6
Yokohama Shōgyō Kōkō Municipal	Zennichisei {/Full-time}	Kokusai Gakka {/International Studies}	Yokohama-shi Minami-ku	4

◎ Sa Sagami Kouyōkan Kōkō ay maaaring i-apply ang ibang dibisyon bilang pangalawang paaralan na gustong pasukan .

【Mga paaralang may Espesyal na Tanggapan para sa mga balikbayang estudyante】 Zennichisei 8 na paaralan

Pangalan ng paaralan	Kurso	Curriculum	Lugar	Quota sa tanggapan nang nakaraang taon ※
Kanagawa Sōgō Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Tan-i-sei Futsu-ka {/Unit System General} Kokusai Bunka Course {/International Culture Course}	Yokohama-shi Kanagawa-ku	10
Prefectural Yokohama Senior High School of International Studies	Zennichisei {/Full-time}	Tan-i-sei Kokusai-ka {/Unit System International} Unit System International Department, International Baccalaureate Course	Yokohama-shi Minami-ku	20
				5
Shinjō Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Futsu-ka {/General}	Kawasaki-shi Nakahara-ku	10
Seishō Kōkō Municipal	Zennichisei {/Full-time}	Futsu-ka {/General}	Odawara-shi	10
Tsurumine Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Futsu-ka {/General}	Chigasaki-shi	15
Sagamihara Yaei Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Tan-i-sei Futsu-ka {/Unit System General}	Sagamihara-shi Chuo-ku	5
Ishida Kōkō Prefectural	Zennichisei {/Full-time}	Futsu-ka {/General}	Isehara-shi	10
Yokohama Higashi Kōkō Municipal	Zennichisei {/Full-time}	Tan-i-sei Futsu-ka {/Unit System General}	Yokohama-shi Tsurumi-ku	10

※ Ang bilang ng tanggapan sa piskal na taon ng 2021 ay ipapahayag sa website ng Kanagawa Prefecture Board of Education, o diyaryo at iba pa sa katapusan ng Oktubre.

(3) *Teitsubunkatsu Senbatsu* [gagawin sa pang-gabing *Teijisei* at *Tsushinsei*]

※ Hindi maaaring mag-*apply* ang mga pumasa na sa *Kyoutsu Senbatsu* o private high school.

mga Hakbang at Schedule ng eksaminasyon(Maari itong mabago o kanselahin depende sa sitwasyon ng paglaganap ng COVID-19.)

Eksaminasyon at Proseso	Araw at Oras	Lugar
Pagsa- <i>submit</i> ng <i>Shutsugan Sho</i> {/mga papeles para sa aplikasyon}	<p>〈<i>Teijisei</i>〉 Marso 3 (Miyerkules) 2PM~7PM Marso 4 (Huwebes) 2PM~4PM</p> <p>〈<i>Tsushinsei</i>〉 Marso 3 (Miyerkules) 9AM~12NN, 1PM~5PM Marso 4 (Huwebes) 9AM~12NN, 1PM~4PM</p>	sa paaralang gustong pasukan
Panahon ng pagpapalit ng paaralang papasukan	<p>〈<i>Teijisei</i>〉 Marso 5 (Biyernes) 2PM~7PM Marso 8 (Lunes) 9AM~12NN, 1PM~4PM</p> <p>〈<i>Tsushinsei</i>〉 Marso 5 (Biyernes) 9AM~12NN, 1PM~7PM Marso 8 (Lunes) 9AM~12NN, 1PM~4PM</p>	tingnan sa ibaba ★
Araw ng Eksaminasyon	<p>Academic Test: Marso 12 (Biyernes) Interview / Achievement Test at iba pa: Marso 12(Biyernes) / 15 (Lunes) ※ Sa loob ng panahong nakasulat sa itaas, sa araw na nakasulat sa <i>jukenhyou</i></p>	sa paaralang gustong pasukan
Announcement sa mga pumasa Pagkuha ng papeles na nakapasa	<p>〈<i>Teijisei</i>〉 Marso 19 (Biyernes) 3PM~6PM 〈<i>Tsushinsei</i>〉 Marso 19 (Biyernes) 10AM~12NN, 1PM~3PM</p>	sa paaralang gustong pasukan

★ Ukol sa pagpapalit ng papasukan

- Isang beses lang maaaring magpalit ng paaralang gustong pasukan.
- Sa pagpapalit ng papasukan, kinakailangan ang sumusunod na 2 hakbang.
 - ① Pumunta sa paaralang unang pinag-aplayan, gawin ang hakbang na kailangan at humingi ng papeles. (Pag-iingat: Kung magkaiba ang kurso ng paaralan, kailangang gumawa ng panibagong papeles para sa aplikasyon. Alamin ito sa counter ng paaralan.)
 - ② Pumunta sa lilipatang paaralan at i-*submit* ang papeles na galing sa ①. (Pag-iingat: Magsa-*submit* din ng panibagong interview sheet.)

Nilalaman ng Eksaminasyon

<i>Teijisei</i>	① May [academic examination] (English, National Language at Mathematics, 30-minuto sa bawat subject) ② May [interview]. ③ Bilang [achievement test], may paaralan din na nagsasagawa ng practical test, pagpapakita ng abilidad o self-expression test.
<i>Tsushinsei</i>	① May [interview] o/at [essay writing].

Paraan ng pagpili (paano pinipili ang mga papasa)

Sa *Teijisei*, lahat ng bilang ng makakapasok ay pipiliin sa paraang katulad ng 1st screening ng *Kyoutsu Senbatsu* (☞pahina 12).

Sa *Tsushinsei*, lahat ng bilang ng makakapasok ay pangalahatang pipiliin ayon sa resulta ng *Chousa Sho* /papeles sa pagsusuri at sa ginawang eksaminasyon.

(4) Paraan sa Espesyal na Eksaminasyon ng Ordinaryong Tanggapan

Sa paraan sa Espesyal na eksaminasyon, maaaring mag-*apply* ang mga mag-i-eksamin sa Ordinaryong Tanggapan.

Gayundin, maaaring mag-*apply* sa kahit saang public high school na may Ordinaryong Tanggapan.

【Mga maaaring mag-*apply*】

Bilang patakaran, mga taong mula sa ibang bansa at wala pang 6 na taon na naninirahan dito. (Pebrero 1, 2021 kasalukuyan)

【Paraan ng aplikasyon】

I-*submit* ang [*Kaigai kara no Ijushato wo Hogosha to suru Shigansha no Juken hoho to Shinseisho*] (Application form para sa Special Examination measures ng aplikante na ang tagapangalaga ay nag-*migrate* dito sa Japan) (form no.5) bago mag-*submit* ng aplikasyon. Sa *Kyoutsu Senbatsu* at *Teitsubunkatsu Senbatsu* ay kailangan ding mag-*apply*.

Ang papeles na ito ay nakapangalan at manggagaling sa principal ng junior high school.

Humingi ng payo sa adviser habang maaga.

Para sa mga taong hindi na pumapasok sa junior high school, mangyaring magtanong sa paaralang gustong pasukan habang maaga.

【Maaaring i-*apply* sa Paraan ng eksaminasyon】

- ① May rubi (furigana/basa sa Kanji) ang mga katanungan at iba pa sa akademikong eksaminasyon
- ② May dagdag na oras sa akademikong eksaminasyon at iba pa (pinakamahabang oras 1.5x)
- ③ Sa interview at iba pa, gagamit ng salitang madaling maintindihan at magsasalita ng mabagal

★ Hindi maaaring magsama ng interpreter o magdala ng dictionary.

★ Sa [Espesyal na Tanggapan para sa mga foreigner at iba pang nasa Prepektura], ang paraan ng eksaminasyong nakasulat sa ① at ③ ay gagawin sa pagsusuri kung kaya't wala ng aplikasyon para sa [Espesyal na paraan ng eksaminasyon].

Gayunman, sakaling hindi nakapasa at mag-eeksamin sa *Teitsubunkatsu Senbatsu*, kakailanganin ang aplikasyon nito.

Sa mga may posibilidad na mag-eksamin sa *Teitsubunkatsu Senbatsu*, mag-*apply* habang maaga.

★ Para sa mga nahahirapan sa eksaminasyon dahil sa pampisikal na kadahilanan, humingi ng payo sa Board of Education ng Prepektura.

【Para sa mga katanungan】

New Student's Selection/Quota Group, High School Education Division
Kanagawa Prefectural Board of Education

TEL 045-210-8084 (Direct line/Japanese)

kapag natanggap na sa paaralan ... mga kailangan

10 MGA GASTUSIN SA PAG-AARAL

Para makapag-aral sa high school, kailangan ang mga gastusin sa pag-aaral.
Gayundin, kailangan din ng admission fee.

Kurso ng <i>Zennichisei</i>	Kurso ng <i>Tejisei</i>	sa Yokohama Municipal ()	
Admission fee	5,650 yen	Admission fee	2,100 yen (1,200 yen)
Taunang tuition fee	118,800 yen	Taunang tuition fee	32,400yen
(Para sa mga taong naaprubahan ng Tulong-pantustos para sa pag-aaral sa high school)	0 yen	(Para sa mga taong naaprubahan ng Tulong-pantustos para sa pag-aaral sa high school)	0 yen

(Ang nakatala dito na mga gastusin sa pag-aaral ay mula Mayo 1, 2020 at kasalukuyan. Maaaring magbago ang halaga nito, alamin lamang habang maaga.)

※ Tingnan sa pahina 17 ang tungkol sa “Tulong-Pantustos para sa pag-aaral sa High School”

Ang kakailanganing gastusin sa pag-aaral (bayad sa edukasyon) para sa 1 taon ay ang mga sumusunod:

(Gayunman, halaga ito sakaling naaprubahan ang Tulong- Pantustos)

Reference:

Public high school (kurso ng *Zennichisei*) mga 200,000 yen (sa unang taon)

Public high school (kurso ng *Tejisei*) mga 40,000 yen (sa unang taon)

Private high school (kurso ng *Zennichisei*) mga 800,000 yen~ (sa unang taon)

Sa nakatala sa itaas, malaking gastusin ang kakailanganin kapag nakapasa sa high school para sa proseso ng enrolment at iba pa (sa Marso).

Sa *Zennichisei* Futsu-ka ay kailangan ng mga 100,000 yen (pambili ng textbook, secondary material sa pag-aaral, uniporme, damit pang-P.E., sapatos, at iba pa). Sa Specialized high school ay mas malaki pa ang gastusin para sa pagsasanay.

Gayundin, may mga gastusin din gaya ng pamasaha sa pagpasok (transportation fee), club activity fee, stationeries, swimsuit o damit pang-Judo para sa P.E., pondo pang-school trip at iba pa.

Para sa pamilyang tumatanggap ng Suporta sa Pamumuhay (*Seikatsu-hogo*) o pamilyang maliit lang ang kita (walang binabayaranang buwis), may sistema rin ng scholarship na tinatawag na {High School Scholarship Grant} na hindi na kailangang ibalik o isauli. Ang aplikasyon nito ay gagawin sa bawat high school simula Hulyo.

Bukod dito, mayroon ding sistemang scholarship grant gaya ng “Kanagawa Prefecture High School Scholarship Grant” at iba pa para sa mga estudyanteng nahihirapan sa pang-ekonomiyang dahilan. Sa Scholarship Grant ay mayroong 2 uri: Benepisyo (hindi na kailangang ibalik o bayaran) at Pautang (kailangang ibalik o bayaran). May mga kundisyon sa pagtanggap ng bawat Scholarship Grant kaya’t kailangang tiyakin ito.

11 TULONG-PANTUSTOS PARA SA PAG-AARAL SA HIGH SCHOOL

Ito ay sistema upang makabawas sa gastusin sa pagpapa-aral ng sambahayan sa pamamagitan ng pagbibigay sa estudyante ng tulong pantustos sa matrikula. Layunin nito ay makapagpatuloy sa pag-aaral ang lahat ng estudyante.

Sa pamamagitan ng pagbalik ng buong lipunan, malalaman nilang nasusuportahan ang kanilang pag-aaral kaya't inaasahang lalawak at magiging aktibo sila bilang leader ng lipunan sa darating na panahon.

(※ Hindi ito uri ng Scholarship Grant na pautang {loan type}, kaya't hindi na kailangang bayaran.)

Sa Public high school, hindi na kailangang magbayad ng tuition fee kapag nakakuha ng qualification sa Tulong-Pantustos.

Kinakailangan ang hakbang para magamit ang sistemang ito. Magpapaliwanag tungkol dito ang paaralang papasukan, at magbibigay din ng papeles na kailangan.

Mayroon ding mga materials na nakasalin-wika. Para sa nangangailangan nito, magtanong lamang sa papasukang high school.

<Mga kundisyon para sa benepisyo >

○ Mga sambahayan na ang mga tagapagalaga (taong may awtoridad bilang magulang, kapwa magulang kung parehong may ama at ina) ay kumikita ng mas mababa sa 304,200 yen (mababa sa 9,100,000 yen ang taunang kita) ay kinakalkula sa pamamagitan ng sumusunod na pomula

{Pomula ng pagkalkula} Pamantayang halaga ng buwis (para sa municipal resident tax) x 6% - halaga ng adjustment deduction (para sa municipal resident tax)

○ Mga pamilya na tumatanggap ng Suporta sa Pamumuhay

<Mga isa-submit na papeles >

① Application form (Ipapamahagi sa high school na papasukan)

② Kopya ng My Number Card at iba (My Number Card · notice of individual number · Kopya ng certificate of residence na may individual number · Certificate of items to be written in the resident record at iba pa) ng lahat ng tagapangalaga (taong may awtoridad bilang magulang)

<Panahon ng aplikasyon >

Bilang patakaran, isang beses sa panahon ng unang pagpasok (Ipapaalam ng pinapasukang paaralan ang deadline ng pagpasa/sumite.)

[Para sa mga katanungan tungkol sa Tulong-Pantustos:]

· Sa high school na pinasukan (guro o opisina)

· Financial Guidance Group, Financial Affairs Division

Kanagawa Prefectural Board of Education TEL045-210-8113 (Direct line / Japanese)

12 TUNGKOL SA SISTEMA NG SUPORTA SA PAG-AARAL SA PRIBADONG HIGH SCHOOL

Sa Prepektura ng Kanagawa, upang mabawasan ang gastusin ng mga tagapangalaga ay may isinasagawang pagtulong na hindi na kailangang ibalik o bayaran para sa enrolment fee at matrikula ng mga estudyante na pumapasok sa pribadong High School. Ang enrolment/admission fee at matrikula ay binabayaran sa paaralan sa panahon ng enrolment at ang tulong ay matatanggap pagkatapos na ma-enrol. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa bawat pribadong High School.

(Halimbawa)

Para sa pamilyang may taunang kita na mas mababa sa 7.0M yen at pamilyang tumatanggap ng Suporta sa Pamumuhay (Seikatsu Hogo), ang halaga ng tulong pang-matrikula ay 444,000 yen.

Para sa pamilyang may taunanang kita na mas mababa sa 7.5M yen, ang halaga ng tulong pang-matrikula ay 193,200 yen.

Para sa pamilyang may taunang kita na mas mababa sa 9.1M yen, ang halaga ng tulong pang-matrikula ay 118,000 yen.

Ang halimbawa sa itaas ay halaga ng tulong pang-matrikula para sa mga estudyanteng nakatira sa loob ng Prepektura ng Kanagawa na nag-aaral sa pribadong High School sa loob ng prepektura.

Ang halaga ng tulong ay batay sa 「Kabuuang halaga ng Prefectural at City/Town/Village Resident tax per-income basis」 ng mga tagapangalaga (may awtoridad bilang magulang, kung mayroong ama at ina pa, batay sa halaga ng pamantayan na kita ng parehong magulang). Para sa mga detalye, mangyaring basahin ang gabay sa tanggapan (*Boshu Annai*).

[Contact information para sa mga katanungan tungkol sa Sistema ng Suporta sa Pag-aaral, atbp. sa Pribadong High School]

· Ken Kodomo Mirai-bu Shigaku Shinkou-ka Jyousei-guru-pu Tel. No. (045)210-3793 [Direct line / Japanese]

13 UKOL SA RE-ADMISSION SA HIGH SCHOOL

① Ukol sa re-admission sa paaralan

Kung ang taong nag-aral nang mahigit 1 taon sa high school bago huminto sa pagpasok, ay muling papasok sa high school, tinatawag itong “*Sai-nyugaku*” {re-admission sa paaralan}.

Kung ang taong nag-aral ng high school sa ibang bansa (katumbas ng grado dito) ay pumasok sa high school sa Japan, “*Sai-nyugaku*” rin ang tawag dito.

Maaaring makapag-aral muli sa paaralan ang aplikante sa high school kung kukuha at maipapasa ang seleksyon para sa re-admission (interview/academic examination at iba pa) sa paaralan.

★ Para makapasok sa public high school ng Kanagawa Prefecture (*Zennichisei*), kinakailangang nakatira ang aplikante at tagapangalaga sa loob ng Prepektura.

② Para sa re-admission ng mga estudyante mula sa ibang bansa

Kailangang nakatapos ng mahigit 10 taong edukasyon sa ibang bansa.

Ang panahon ng re-admission sa paaralan, ayon sa patakaran ay sa Abril 1, at sa Marso ay may akademikong eksaminasyon at interview sa wikang Hapon.

Kung kulang ang bilang ng mag-aaral para sa Espesyal na tanggapan para sa mga foreigner at iba pang mamamayan sa prepektura, maaaring mag-*apply* para sa re-admission kapag kwalipikado.

(Kwalipikasyon sa pag-*apply* ☞ pahina 5)

Pag-nakapasa, ang principal ng tumanggap na paaralan ang magdedesisyon kung anong year (o taon na katumbas nito) ang inyong papasukan.

【Para sa mga katanungan】


School Transfer/Admission Information Center, Kanagawa Prefectural Board of Education

Kanagawa-ken Jutaku Kyokyu Kousha Building 6 Fl.,

Nihon Oodori 33, Naka-ku Yokohama-shi (Mapa ☞ sa ibaba ng pahinang ito)

TEL 045-210-8235 (Direct line / Japanese) Lunes ~ Biyemes 8:30AM~12NN 1PM~5:15PM

Dahil sa planong paglilipat ngayong taon, maaaring mabago ang detalye ng contact. Mangyaring suriin nang maaga ang mga detalya sa website.



14 MGA KALIMITANG TANONG

Ang sagot sa mga katanungan ay nasa ☞ nakasaad na pahina.

1. Ano ang “*Zaiken-waku*” (o Espesyal na tanggapan para sa mga foreigner at iba pang mamamayang nasa Prepektura)? Anong paaralan ang mayroong “*Zaiken-waku*”?
☞ pahina 5, 6 at 13
2. Ano ang mga subject sa pagsusuri para sa high school entrance examination (academic test)? Ano ang mga itinatanong sa interview?
☞ pahina 8 at 11
3. Ano ang “*Chousa Sho*” o papeles sa pagsusuri?
☞ pahina 7 (Hindi kailangan ang “*Chousa Sho*” sa entrance exam ng mga taong nagtapos ng jr. high school sa ibang bansa)
4. Gusto kong kumuha ng High School Entrance Examination, hanggang kailan at ano ang mga hakbang na kailangan dito?
☞ pahina 3, 4 at 9
5. Hindi pa marunong mag-Hapon. May mga ibinibigay bang espesyal na konsiderasyon sa academic test o interview?
☞ pahina 11 at 15
6. Nakapagtapos na ng Jr. High School sa ibang bansa. Anu-anong papeles ang kailangan para makapag-eksamin sa high school ng Kanagawa?
☞ pahina 6 at 9
7. Nakapag-aral ng high school sa ibang bansa. Makapasok ba sa 2nd o 3rd year sa high school ng Kanagawa Prefecture?
☞ pahina 18
8. Maaari pa bang kumuha ng exam kahit pumasa na sa ibang paaralan? ☞ pahina 11
9. Kapag pumasa sa high school exam, mga magkano ba ang halagang kailangan? ☞ pahina 16 at 17

Bawat isa ay may magkakaibang sagot sa sumusunod na katanungan. Para sa detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa Kanagawa Prefecture Board of Education.

10. Paano pumili ng papasukang paaralan?
☞ Pumunta ng personal sa paaralan sa high school para malaman kung nababagay iyon sa sarili saka magdesisyon.
11. Hindi alam kung sa “*zaiken-waku*” (espesyal na tanggapan para sa foreigner) o “*kikoku-waku*” (tanggapan para sa balikbayan) nabibilang. Paano ito malalaman?
☞ Susuriin ito sa mga pasaporte. (☞pahina 6)
12. Anong score ang kailangang makuha para makapasok sa paaralang gustong pasukan?
☞ Walang sinasabi na “makakapasa pagnakakuha ng ○○ score”. Pinipili ang mga pumasa ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga score ng nag-*exam*.
13. Ano ang gagawin kapag hindi nakapasa?
☞ May ilang beses na eksaminasyon. Basahing mabuti ang nasa pahina 3
14. Hindi pa masyadong marunong mag-Japanese, maiintindihan ba ang klase sa high school?
☞ May high school na nagbibigay ng Japanese language class o indibwal na pagtuturo.

にほんご ぼご ひと こうこうしんがく
「日本語を母語としない人たちのための高校進学ガイダンス」

こんねんど じっし
今年度は実施しません。

{Gabay sa pagpasok sa High School
para sa mga hindi Hapon ang sariling wika}.
Hindi gaganapin ngayong taon.

かながわけん こうりつこうこうにゆうがくしゃせんぱつ たげん ごじょうほう
神奈川県の公立高校入学者選抜の多言語情報を

つぎ ていきょう
次のホームページで提供します。

Nagbibigay ng mga impormasyon sa maraming wika
para sa pagpili ng mga mag-aaral ng public high school
para sa Prefektura ng Kanagawa sa sumusunod na website:

<http://me-net.or.jp/guidance/>

ホームページは9月にオープンします。

Bubuksan ang website sa Setyembre.



こうこうにゆうしじょうほう たげんご
高校入試情報 多言語ページ

にほんご
(日本語)

English
(英語)

中文
(中国語)

Español
(スペイン語)

Português
(ポルトガル語)

Tagalog
(タガログ語)

한국어·조선어 번역판
(韓国朝鮮語)

ภาษาไทย
(タイ語)

ភាសាខ្មែរ
(カンボジア語)

नेपाली भाषा
(ネパール語)

Tiếng Việt
(ベトナム語)